

## Enrolment policy - Filipino

# Patakaran sa pagpapatala

Impormasyon para sa mga magulang

Ang patakaran sa Pagpapatala ng mga Estudyante sa mga Paaralang Pampubliko sa NSW ay nakalatag na upang makatulong sa mga paaralan na masagot ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng *Education Act 1990* – na nagtitiyak na bawat estudyante ay may lugar sa kanilang lokal na paaralan. Ang patakaran ay nagpapakita sa mga kawani at komunidad nang isang matapat na proseso ng pagpapatala.

## Bakit nabago ang patakaran sa pagpapatala?

Sa kabuuang estado, maraming mga komunidad ang nagbabago. Ang ilan ay lumalaki sa pambihirang bilis. Ang ilang mga paaralan na dati ay kayang tumanggap ng mga pagpapatala na taga-labas ng lugar, ay wala ng lugar na paglalagyan.

Ang nabagong patakaran ay ginawa para masuportahan ang mga paaralan na pamahalaan ang lahat na aplikasyon sa pagpapatala, hikayatin na may mas pare-parehong pagdedesisyon at tiyakin na ang mga pagpipilian sa pagpapatala ay maliwanag para sa mga magulang.

## Ano ang mga nabago?

### The enrolment cap

The enrolment cap ay bilang ng mga estudyante na maaaring magpatala sa isang paaralan base sa kakayahan nitong makapagbigay ng mga permanenteng puwesto. The enrolment cap ay nagsasabi sa atin kung ang paaralan ay may kakayahan na tumanggap sa mga nagpapatalang hindi taga-roon. Hindi ito ang target o hangganan bilang sa pagtanggap ng paaralan sa mga nagpapatalang taga- roon.

Ang bawat paaralan na may pagkukunang lokal na 'intake area' ay magkakaroon ng isang cap na sasabihin ng kagawaran mula sa Term 4 2019.

Sa loob ng the enrolment cap, ang bilang ng puwestong makapagpatala ay maireserba para sa mga lokal na mga estudyante na magpapatala sa taong iyon. Ito ay tinatawag na the buffer. Dahil dito, ang isang paaralan ay hindi tatanggap ng mga estudyanteng taga-labas kapag naabot na the buffer, liban lang kung may pambihirang sitwasyon.

### Ang 100-puntos na pag-tsek ng lugar-tirahan

Ang mga magulang na nagbabalak na ipatala ang kanilang anak sa isang paaralan na malapit o narating na ang kanilang buffer o cap ay kailangang  gumawa ng 100-puntos na pag-tsek ng lugar-tirahan upang matiyak na sila ay nakatira sa lugar na pinagkukunan ng mga nagpapatala sa paaralan. Ibig sabihin nito na ang mga magulang ay kailangang magbigay ng mga dokumentong nagpapakita ng kasalukuyang tirahan ng bata.

Dahil ang paaralan ay naghahanap lamang ng impormasyong may katuturan sa pagpapatala ng bata, may listahan ng mga aprobadong dokumento para sa pag-tsek ng lugar-tirahan ang makukuha mula sa paaralan o sa website ng kagawaran sa: https://education.nsw.gov.au/policy-library/policies/enrolment-of-students-in-nsw-government-schools.

### Mga batayan sa pagpili ng mga nagpapatalang taga-labas

Ang mga magkakapatid na nagpapatala ay malinaw na sila ang inuunang tinatanggap (kung posible) at ang batayan sa pagpipili para sa taga-labas (hindi lokal) na nagpapatala ay hindi kasama ang kakayahan o nagawa ng estudyante.

## Ano ang hindi nagbago?

Ang mga paaralan ay patuloy na magpapatala sa mga estudyanteng nakatira sa kanilang lokal na pinagkukunang lugar, kahit anuman ang estado sa cap ng paaaralan.

Walang pagbabago sa mga karapatan sa pagpapatala ng mga magkakapatid na estudyanteng hindi lokal. Sa mga paaralan na may mga bakanteng puwesto, ang bawat aplikasyon sa pagpapatala ay tinatasa ayun sa kanilang mga katangian, kasama na kung ang mga kapatid ay kasalukuyang pumapasok sa paaralang iyon. Kung ang paaralan ay kulang pa sa bilang ng mga estudyante, ang mga aplikasyon ng mga kapatid ng kasalukuyang estudyante na taga-labas ay mauuna.

Ang mga paaralan ay patuloy na nagbibigay sa mga pamilya ng suporta at pagpapayo habang nasa proseso ng pagpapatala, kasama na ang pagtatasa sa mga pambihira at mahirap matanggihang sitwasyon lalo na sa mga nahihirapang mga estudyante at kanilang kapamilya.

Ang mga paaralan ay magpapatuloy sa makatarungan at pare-parehong paggamit ng patakaran sa pamamagitan ng mga matapat at may pananagutang mga proseso kapag nagdedesisyon tungkol sa mga aplikasyon sa pagpapatala. Ang mga magulang ay may karapatan na mag-apela upang malaman kung ang mga nasabing proseso ay nagamit sa matapat na paraan.

## Ngunit ano ang kahulugan ng mga pagbabago sa akin?

### Ano ang mangyayari kung ang aking anak ay nakapagpatala na ngunit hindi kami nakatira sa lugar ng mapagkukunan (intake area)?

Ang inyong anak ay mananatiling nakatala sa kanyang paaralan dahil ang nabagong patakaran ay hindi umaapekto sa mga estudyanteng nakatala na sa mga pampublikong paaralan ng NSW.

### Dati kaming nakatira sa lugar noong naitala ang aking anak. Ngunit binago ng kagawaran ang mga hangganan ng paaralan at ngayon ay nasa labas na sa lugar ng mapagkukunan ang aming tirahan. May mga anak pa ako na gusto kong iisang paaralan ang mapapasukan. Ano ang aking mapagpipilian?

Kung minsan, and kagawaran ay kailangang gumawa ng pag-aayos sa lugar ng mapagkukunan ng isang paaralan. Ang ibig sabihin nito ay ang isang pamilya na may bata o mga batang nakapagpatala na ay nakatira na sa labas ng mapagkukunang lugar. Kung ganito ang mangyayari, maaari pa ring makapagpatala ang pamilya sa iba pang mga anak, kahit na ang paaralan ay lampas na sa buffer o cap.

### Mayroon na akong anak na nakatala bilang taga-labas na estudyante sa isang pampublikong paaralan ng NSW. Maaari bang ipatala din ang iba kong mga anak sa paaralang ito?

Depende ito sa kakayahan ng paaralan:

- Kung ang paaralan ay **malayo pa sa kanyang buffer**, ang mga magkakapatid ay maaaring makapagpatala sa paaralan. Sa katunayan, ang mga kapatid ng isang estudyante na nakatala na ay mauuna hangga't maaari kaysa sa ibang mga hindi tagaroon na nag-aaplay para magpatala.
- Kung ang paaralan ay **malapit na sa kanyang buffer**, ang paaralan ay magbubuo ng lupon sa pagpapatala ng mga hindi lokal. Ang lupon ay isaalang-alang ang mga aplikasyon ng mga taga-labas kung ang mga aplikasyon nila ay lampas na ang bilang sa mga bakanteng puwesto sa ibaba ng buffer. Sa ganitong sitwasyon ang mga kapatid ng estudyanteng nag-aaral na sa paaralang ito ay inuuna sa pagpapatala kumpara sa mga ibang taga-labas.
- Kung ang paaralan **ay puno na**, hindi na ito tatanggap ng mga aplikasyon sa pagpapatala ng mga taga-labas liban lamang kung may pambihirang sitwasyon.

### Tinanggap ko na ang alok para ang aking anak ay mag-aaral sa isang paaralan na hindi kami lokal sa 2020. Ano na ang mangyayari?

Matutuloy ang pagpapatala. Ang mga pagpapatala ng mga hindi lokal bago pa ang Term 4 2019 para sa mga estudyanteng papasok sa 2020 ay hindi maaapektuhan.

### Ano ang pamantayan sa pagpapatala sa isang paaralan na hindi kami tinuturing na lokal?

Ang mga paaralan na kayang tumanggap ng mga aplikasyon sa pagpapatala ng hindi lokal ay magbubuo ng isang lupon na magtatasa sa mga nagpapatala, kung mas malaki ang pangangailangan sa bilang ng mga puwesto na nasa buffer ng paaralan.

Ang mga paaralan ay kailangang ipakita ang pamantayan sa pagpipili sa komunidad ng paaralan.

### Ang aking sitwasyon ay mabigat at naiisip ko na ang paaralan ito ay napakaganda para sa aking anak. Kami ay nakatira sa labas ng sona pinagkukunan ng paaralan. Ano ang aking gagawin?

Naiintindihan namin na hindi lahat ang sitwasyon ng tao ay pare-pareho, at may mga panahon na ang pambihira at hindi matatanggihang sitwasyon ay kailangang pagbigyan.

Kung ganito ang mangyayari, makipag-usap sa prinsipal ng inyong lokal na paaralan.

## Mga matatawagan

Para sa pangkalahatang mga katanungan, tumawag sa: 1300 679 332 o mag-email sa: DoEinfo@det.nsw.edu.au

Para sa mga katanungan sa pagpapatala, kausapin ang inyong lokal na paaralan. Tingnan ang detalye ng matatawagan sa paaralan sa: https://education.nsw.gov.au/public-schools/going-to-a-public-school/finding-a-public-school

## Serbisyo ng Interpreter sa Telepono

Kung kailangan ang tulong ng isang interpreter sa pagtawag sa paaralan, mangyari pong tumawag sa Serbisyo ng Tagapagsalin-wika sa Telepono (Telephone Interpreter Service) 13 14 50 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika. Sabihin sa opereytor ang numero ng teleponong gustong matawagan at kukuha ang opereytor ng interpreter sa telepono upang makatulong sa inyong pag-uusap. Hindi kayo sisingilin ng bayad sa serbisyong ito.